# Ang Krisis-Eksistensial sa Hari ng Kalsada: Isang Penomenolohiya ng Identidad at Kultura ng Jeepney

Rhochie Avelino E. Matienzo
University of Santo Tomas
rematienzo@ust.edu.ph

**Abstrak:** Nais kong suriin sa akdang na ito ang kalagayan ng minsa'y tinaguriang "Hari ng Kalsada"--ang Jeepney. Tinatalakay dito ang kultural na pananaw at ang mga mabuting kaugaliang Pinoy na nakapaloob dito. Ngunit sa kabila ng mahahalagang ambag na ito, hindi kaila ang nalalapit na pagwawakas ng pagpasada ng nakagisnang nating Jeepney. Partikular na ang krisis na kinakaharap bunsod ng pagpapatupad ng *Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP)* ng Kagawaran ng Transportasyon noong 2017. Sa simula ng mga "lockdown" noong Marso 2020, isa ang hanay ng pampublikong transportasyon sa pinakamalubhang tinamaan ng pandemya. Sa hanay na ito, 40% ay mga jeepney. Ayon pa sa kautusan, Marso 31, 2021, ang pagtatapos sa paggamit ng lahat ng tradisyonal na disenyo ng jeepney sa bansa. Gamit ang lente ng pilosopiya, partikular na ang eksistensyalismo, aking pagninilayan ang mga implikasyon sa industriya ng jeepney. Ito ay upang magbigay-pugay sa minsan ng naghatid karangalan sa ating pagka-Pilipino sa buong mundo sa harap ng krisis na kanilang kinakaharap sa panahong ito.

**Mga susing salita:** *existentialism, jeepney, modernisasyon, phase-out, Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP)*

## Panimula

Noong dekada '50, nagsimulang i-*recycle* ng mga Pilipino ang *Willys Type Jeep* na iniwan ng mga sundalong Amerikano noong panahon ng pananakop. Nauna na riyan si Leonardo Sarao sa paglikha at ng lumaon ay sinalamin ng disenyong ito ang pagkamaparaan ng mga Pinoy. Mula sa maikli ngunit gamit-pandigma na sasakyan, kanilang pinahaba ang likurang bahagi upang umangkop sa makabago at pang- araw-araw na gamit bilang pampublikong transportasyon. Sa kasalukuyan, mayroong humigit-kumulang na 180,000 pumapasadang jeepney sa buong bansa. Kung kaya't, tinagurian din silang "Hari ng Kalsada".

Sa loob ng jeepney, masasaksihan ang ibat' ibang karanasan sumasalamin sa panlipunang ugnayan, pagpapahalaga sa pagpapakatao at mga aral na natatangi lamang sa transportasyong ito. Isa na dito ay ang interaksyong namamagitan sa mga pasahero at maging sa nagmamaneho. Ang mga hindi magkakakilala ay nangungusap ng "Pakisuyo ho?", "Paki-abot lang po", at kung madalas ay simpleng "Bayad po!". Kagyat naman na mayroong kamay na nag-aabot sa driver ng iyong pamasahe kung ikaw man ay nasa dulong bahagi ng sasakyan. Paminsan-minsan ay naririnig din ang katagang "Salamat po!" o dili kaya'y simpleng ngiti kapalit nito. Totoo at maraming masasamang loob sa lansangan, ngunit sa loob ng jeepney, tapat ang suklian, maliban na lang sa 'di sinasadyang pagkakamali ng tsuper habang nagbibilang. Ang jeepney ay kayang lumulan ng mula pito hanggang sampung pasahero sa likuran, at dalawa sa unahan. Lahat ay may kamalayan sa presensya ng bawat isa. Sa mga pambihirang pagkakataon, ang driver at pasahero ay maaari rin magkatuluyan. Lalo na yaong madalas na umupo sa unahan.

Ang jeepney ay kadalasang pinalalamutian ng mga disenyong sumisimbolo sa pananaw, paniniwala o payak na pagpapahayag ng saloobin ng may ari nito. Ayon kay Herminia Mefiez ng California State University, ang mga disenyo at palamuti sa loob at labas ng jeepney ay higit pa sa sining lamang, bagkus ay pagpapakita ng pang araw-araw na paraan ng pamumuhay, paniniwala, at mga mithiin ng driver ng jeepney o ang may-ari nito. (Mefiez, 1988: 38-47)

Magmula sa ipinintang mukha ng anak o asawa sa mga pintuan nito; iba't ibang disenyo tulad ng larawan ng bandila ng Amerika, mga hayop, o *religious icon*; at sa loob naman ay mga paalala ng "barya lang po sa umaga", "bawal sumabit pero pwede ang kabit", at "God knows HUDAS not pay!". Sa bahaging likod naman (mudguard) ay ang personal na kasaysayan ng jeepney. Nasisilayan ang mga katagang "Katas ng 40%" na tumutukoy sa naipon ni mamang tsuper


| ISSN: 2094-0556 | ursprj@gmail.com

mula sa ika-apatnapung bahagi ng arawang kita. O dili kaya'y "Katas ng Saudi III" na nangangahulugang ang jeepney na yaon ay ikatlo na galing sa pinaghirapang salapi mula sa miyembro ng pamilya na sa Gitnang Silangan. Maging ang espirituwal na disposisyon ng may-ari ay matutunghayan ang mga salitang "Christ is the Lord!" o kaya naman ay "Jesus is the way!" habang may maliliit na imahen o rosary sa harap ng manibela.

Sa pag-aaral nina Dominik Güss and Teresa Tuason, mga sikolohista ng University of North Florida, ang mga jeepney sa Maynila ay mas relihiyoso, at tutok sa identidad, at maka-Kanluranin ang mga palamuti. Samantalang sa Davao naman ay higit na politikal at sibiko ang tema ng mga aksesorya. (Güss, Tuason, 2008: 211) Ang dalawang siyudad ay ang may pinakamaraming pumapasadang jeepney. Ang mga jeepney ay isa sa pangunahing transportasyon sa bansa. Sa kabuuan, kumakatawan ito sa 40% na bahagi ng transportasyon sa kalakhang Maynila at karatig lugar. Maging sa ating karanasan, lubhang napakaliit lamang na bahagi ang nagsasabing hindi pa sila nakasakay sa jeepney sa kanilang talambuhay.

## Identidad ng Jeepney Bilang Paraan ng Pamumuhay

Sa pagsusuri ng etnologo at pilosopo na si Florentino Hornedo, kanyang hinalimbawa ang jeepney bilang bunga ng tinatawag niyang "Filipinicity". Wika niya:

> The Willys jeep came as a visitor some fifty years ago… Filipino got hold of this raw material and created something different.. as appropriation by extended possession—the metaphysical ground for the philosophy of squattersip… the logic of definition of Filipinicity transcends arithmetic of the subtrahend and the remainder. There is a minuend that refuses to be reduced by simple subtraction of the visitor from it in order to arrive at the identity of the remainder. (Hornedo, 1997: 109-111)

Ang "remainder" na tinutukoy ni Hornedo ay ang pagka-*Pilipino* ng isang Pilipino. Sa kabila ng pagbawas o pagdaragdag sa orihinal na disenyo, mayroong nanatiling elemento sa Jeepney na natatangi. Ito ang identidad na pwedeng iugnay ngunit 'di maaaring ihalintulad sa kultura ng iba maging ito may ay ang pinagmulan ng ideya o teknolohiya. Samakatwid, ang "jeep" bagaman at hiram ay may isang natatanging pagkakakilanlang Pinoy nang ito ay naging "jeepney".

Sa paliwanag na ito, ang banyagang teknolohiya ay nagiging angking atin sa pamamagitan ng isang proseso ("Filipinicity"). Dito ang mga konsepto, kalinangan o kagamitan ay hinihiram ayon sa pagtugon sa ating kapaligiran at sa prosesong ito, sila ay nagiging bahagi natin. Ang hiram-na-naging-atin ay hindi masama sapagkat walang sino man ang mayroong monopolyo ng karunungan sa buong kasaysayan.

Ang interesanteng katanungan sa puntong ito ay: "ano ang konkretong kaparaanan kung bakit ang isang banyagang materyal ay naging angking atin?" Karaniwan sa ating mga Pinoy ang pagbubuhos ng lakas, oras at talento sa ating paggawa. Ito marahil ang dahilan kung bakit napakaraming bansa ang nagnanais sa kalidad ng paggawa ng mga Pilipino. Ito ay sapagkat ang ating paggawa ay hindi lamang pinagkukunan ng ikabubuhay, bagkus ito ay sadyang isinasabuhay; buo at may malasakit na higit pa sa inaasahan.

Sa jeepney makikita ang personal na karakter ng nagmamay-ari nito. Kung kaya't ganun na lamang ang pagkabalisa ng marami sa atin, nagmamaneho man o pasahero, ng i-anunsyo ng pamahalaan ang pagbabawal sa pagbiyahe ng mga jeepney sa panahon ng pandemya. Isang kadahilanang makikita ay nag-uugat sa kultura. Ang kultura ay dinamikong pagpapamalas ng buhay ng pangkat ng tao sa partikular na lugar at panahon. Nilinaw ni Hornedo ang dalawang uri ng kulturang karanasan ng kayang winika: "*The origin of the culture-as-expression is culture-as-being*". (Hornedo, 2002: 52) Ang unang bahagi ay tumutukoy sa obhetibong kaayusan ng mga bagay, samantala, ang huli ay ang subhetibong pagtanto sa kultura bilang paraang ng pamumuhay. Kung ilalapat sa jeepney, ito ay higit pa sa isang bakal na


| ISSN: 2094-0556 | ursprj@gmail.com

naglululan lamang ng mga pasahero mula sa isang lokasyon patungo sa isa pang lugar, bagkus, ito ay kwento ng ating pakikipagsapalaran, tagumpay, at minsa'y pagkatalo sa buhay bilang isang Pinoy.

**Ang Jeepney at Kapwa**

Ang pananaw ni Hornedo na ang jeepney ay isang kultural na pagpapahayag ng buhay ay sinang-ayunan din ng isang pang tagapaghawan ng Pilosopiyang Filipino na si Leonardo Mercado sa kanyang ideya ng "sakop". (Mercado, 1975: 97) Ito ang teorya na tumutukoy sa paraan ng pagtanaw, pakikitungo, o pag-iisip ng isang Pilipino sa kanyang kapwa, kapaligiran o maging sa Diyos. Halimbawa, madalas nating sabihin na ang pagkapanalo ni Pacquiao sa boxing ay panalo *natin* mga Pilipino. Madalas itinuturing rin natin ang kapaligiran bilang bahagi ng ating pagkatao. Kung kaya't maraming magkakaanak ang hindi nagkakasundo sa mamanahing lupa. Ito ay sa kadahilanang ang lupa ay bahagi ng pagkatao ng sinumang nagmamay-ari. Isa pang halimbawa nito ay ang pagpapahalaga ng isang nakatira sa barung-barong. Ang pira-pirasong materyales ay handang ipaglaban ng nakatira rito sa anumang paraan kahit na ito abala at ilegal sa paningin ng iba.

Ang sakop ay naglalarawan sa jeepney bilang isang "microcosm" ng lipunan ating ginagalawan. Hinalmbawa ni Mercado ang konsepto ng tahanan na malapit sa karanasan ng bawat isa. Sa isang nagmamay-ari o drayber, ang jeepney ay isang tahanan. Ito ang dahilan kung bakit ito ay pinalalamutian ng kurtina, kinakabitan ng stereo para sa musika, sinusulatan ng pangalan at mga piling paalalaala sa gilid o dili kaya ay iginuguhit ang mga larawan ng kaanak. Ang jeepney ay karugtong ng tahanan (at minsa'y literal na tahanan) kung kaya't ito ay personal na mahalaga at may kahulugan sa nagmamaneho at pasahero. Mababanaag ito sa paglalarawan ni Mercado sa isang eksena sa lansangan:

> The jeepney often becomes an extension of the driver's home. He may feel the need to make his passengers feel welcome in his vehicle on the principle that he does not really consider them as strangers… In a vehicular accident, the driver tells the other party, 'Bakit mo ako binangga?' (Why did you bump me! Not why did you bump my jeepney?) The statement reveals that the jeepney and the driver are almost the same. Because the jeepney is an extension of the driver, to criticize the decoration is to criticize him. (Mercado, 1994: 175)

Ang jeepney bagama't isang pribadong pag-aari, ay naglalarawan din ng komyunal na aspeto. Kung ang drayber ay nasiraan, makikitang hihinto ang kapwa jeepney drayber upang magpahiram ng kagamitan o magbahagi ng kanyang kaalaman sa pagkukumpuni. Masasaksihan din na sa isang kaway lamang ni Mamang Drayber ay hihinto ang isang pang jeepney upang lumipat ng masasakyan ang mga naantalang pasahero. Kung ang may-ari ng jeepney ay mayroong kapitbahay na may dagliang pangangailangan o kahit simpleng lakad lamang, ang jeepney ang pinaka madaling takbuhan. Mapa ito man ay pagdala sa ospital kay Misis na buntis, o ang kumpareng naglilipat-bahay kasama ng kanyang mga gamit. Maging sa paghatid at pagsundo sa airport ng isang OFW taglay ang langkay ng kaanak nito, o kaya naman ay sa simpleng pamimiyesta o "excursion" ng pamilya, ang jeepney ay siyang inaasahan. Kung sakali naman at ito ay inupahan, pansamantalang inililipat ng may-ari sa drayber ang pag-aalaga at pagmamay-ari nito. Ang mga ito ay ang sakop ayon kay Mercado. Ang mga ugnayang pakikipagkapwa na konkretong namamalas sa loob ng jeepney. (Mercado, 1994: 175).

Sa mga ugnayang ito, ilang pagpapahalagang Pinoy din ang masisilayan. Una na rito ang *utang-na-loob* sa pagitan ng tinutulungan at tumutulong. Sa pagkakataong ikaw naman ang masiraan o mangailangan, ang unang pinagkalooban ay 'di magpapasubaliang tumulong rin. Ang pangalawa ay *katapatan* at *pananagutan*. Mga katangiang tumatatak sa magkaibigan na

mararamdaman kahit ang ugnayan ay temporaryo lamang sa pagitan ng may-ari at nanghiram ng jeepney. Ikatlo ay ang *pagkamaaruga* at pagiging *mapagbigay*. Matutunghayan sa bahagi ng may-ari, na bagama't kadalasan ay may pangangailangan din, siya ay nagpapaubaya sa pamamagitan ng kanyang jeepney. Ilan lamang ito sa marami pang mabubuting kaugalian na hindi naitala dito na matutunghayan kung sumasakay ng jeepney. Dahil dito, ang "jeep" na ang orihinal na gamit ay pandigma, ay nagiging *jeepney* sa oras na ito'y maging tulay ng mabuting pakikipagkapwa.

**Krisis sa Pamamasada**

Sa kabila ng mahalagang gampanin ng jeepney bilang tagapagtaguyod ng identidad at mga pagpapahalagang maka-Pilipino, marami sa mga sasakyang ito ay luma at hindi na epektibo dahil sa madalas na paggamit mga nito. Dahil dito ang minsan ng tinawag na "Hari ng Lansangan" ay naging simbolo ng trapiko, polusyon, kapabayaan, at madalas ay kawalan ng disiplina. Noong taong 2009 sa pagsusuri nina Jo Anne Balanay at Claudiu Lungu ng Birmingham University, ang mga tsuper ng jeepney na halos kalahating araw sa paghahanap-buhay ay nalalantad sa ilang *volatile organic compounds* na lubhang mapanganib sa kalusugan. Ang mga ito ay *benzene, toluene, ethylbenzene, m,p-xylene* at *o-xylene*. (Balanay at Lungu, 2009: 33) Minsan na rin binansagan ang EDSA bilang pinaka-delikadong lansangan sa mundo pagdating sa maruming hangin dulot ng mga sasakyan na karamihan ay jeepney.

Noong 2016, kasama ang Pilipinas sa mga bansang lumagda sa *United Nations Paris Climate Change Agreement*. Ito ay naglalayong mapababa ang pandaigdigang temperatura sa pamamagitan ng tuluyang pag-iwas sa paggamit ng carbon at ang malawakang pagtangkilik sa resiklong enerhiya. Bunga nito ay ang proyekto ng pamahalaan na tinawag na "Public Utility Vehicle Modernization Program of 2017". Ito'y naglalayong gawing makakalikasan ang pampublikong transportasyon. Sa kabila ng mabuting hangarin na ito, ay ang paggamit ng makabagong teknolohiya. Isa na dito ay ang hakbanging wakasan ang paggamit sa nakagisnang nating "jeepney" na may taning na petsa: Marso, 31, 2021.

Ayon sa *anakbayan.org*, tinatayang may higit-kumulang na 500,000 na mga drayber at operator, o dalawang milyong pamilya ang maapektuhan sa hakbanging ito ng pamahalaan. Ang bawat yunit ng modernong jeepney ay nagkakahalaga ng 1.3 hanggang 2.4 milyong piso na ipapangalan sa mga korporasyong mangangasiwa ng mga ito (Fleet Management Program). Mababago na rin ang ilang disenyo ng jeepney. Mawawala na ang tradisyonal na paraan ng pagbabayad dahil ang bawat pasahero ay mangangailangang bumili ng "load" para sa kanyang "beep card" na gagamitin upang makasakay at makapagbayad sa jeepney. (anakbayan.org, 2021)

Dagdag pa rito ang mga *lockdown* na bahagi ng pagpigil sa paglaganap ng sakit dulot ng COVID 19. Lumabas sa isang programa sa telebisyon ang kaso ni Mang Mario Balmes na dalawampung taong na nagmamaneho. Siya at ang kanyang pamilya ay nanirahan sa jeepney dulot ng tigil-pasada mula noong Marso, 2020. Bagaman at maaari ng bumiyahe ang jeepney kung susundin ang mga "health protocol", hindi maisagawa ni Mario ang itinakdang disenyo sa kakapusan ng pera para dito. Dahil sa palipat-lipat ng lugar, hindi na rin sila kwalipikado sa ayuda mula sa pamahalaan dahil sa kawalan ng sertipikasyon ng permanenteng tahanan. Sa pamamagitan ng pakikiusap sa ibat' ibang gasolinahan kanilang pinaparadahan, kanilang natutugunan ang personal na pangangailangan tulad ng pagligo at palikuran. Ngunit sa oras na magsara ang mga ito, ay ganun na lamang ang awa ni Mang Mario sa sarili at pamilya. Gayundin, ang pag-aaral ng kanyang mga anak ay pansamantalang nahinto sa katulad na kadahilanan. Nang siya ay tanungin ng *host* kung hanggang kailan niya kakayanin ang kanyang sitwasyon, tugon niya: "Maaaring susuko ako, kung nakahiga na lamang ako. Hindi naman siguro habang panahon kami narito sa kalsada. May pagkakataon din siguro ako na makakapasok din ako sa pintuan ng bahay. (Pulido, 2020) Isa lamang si Mang Mario sa maraming Pilipino na umaasa sa pagmamaneho ng jeepney na napaalis sa inuupahang bahay dahil sa kakapusan sa panahon ng pandemya.

**Eksistensial ng Pagmumuni**

Ang eksistensyalismo ay isang kilusan sa pilosopiya na nagtatangi sa halaga ng tao at kanyang pakahulugan sa buhay. Ito ay isang reaksyon sa mga uri ng pamimilosopiya bago ang ika-17 siglo sa Europa. Ang mga palaisip noong


| ISSN: 2094-0556 | ursprj@gmail.com

panahon ng sinauna, midyibal at moderndo, ay higit na gumagamit ng isipan at nag-uuri sa tao bilang isang ganap na esensiya. Para sa eksistensyalismo, ang tao ay may kabuluhan kanyang kasalukuyang binubuo sa pamamagitan ng malayang pagpapasya sa araw-araw na pakikipagsapalaran buhay. Ang kanyang kalayaan ay hindi sa nakabase sa mga katotohanan o prinsipyong nasusulat sa mga aklat o idinidikta ng tradisyon o sinoman, bagkus ay nagmumula sa kongkretong karanasan ng indibidwal. Ang ilan sa mga tanyag na eksistensyalistang palaisip ay sina Soren Kierkegaard, Albert Camus, Martin Buber, Gabriel Marcel, Martin Heidegger, Jean-Paul Sartre at iba pa.

Kung pagmumuni-munihang mabuti, ang *PUVMP of 2017* ng pamahalaan sa lente ng eksistensyalismo ay lubhang nakababahala lalong higit sa panahon ng pandemya. Bukod sa pinansiyal na implikasyong aakuin ng pobreng drayber, tiyak ang pagwawakas sa ugnayang subheto nagaganap sa loob ng isang jeepney. Ito ang ugnayang binabanggit ni Mercado sa kanyang pilosopiya ng "sakop". Sinasabing ang disenyo ng modernong jeepney ay nakaharap sa isang direksyon lamang taliwas sa dati na magkakaharap. Wala na 'din ang upuan sa unahang bahagi, kung saan ang asawa ng driver ang siyang kadalasang katuwang at siyang nangongolekta o nagsusukli sa pagsapit ng hapon at gabi. Maging ang katagang "pakisuyo po" at "salamat po" ay mawawala na sapagkat ang bayad ay sa pamamagitan ng isang "preloaded beep card".

Kung mamarapatin, ito ay ang tinutukoy ni Martin Buber na pagbabagong anyo ng "I-Thou" patungo sa pababang lebel ng "I-it". (Buber, 1937: 47-51) Ang pagtatagpo o "encounter", ayon sa kanya, ay esensyal sa ugnayang ito sapagkat dito sumisibol ang "Zwischen", o "the between". Ang "between" kung isasalin sa wikang atin ay nangangahulugang "sa pagitan". Maaari ring gamitin ang salitang "gitna" sa pagtukoy nito. Sa gitna, ang isang subheto (tao) ay may kakayahang makipag-ugnayan (o lumayo) sa kapwa subheto. Dito ang indibidwal ay malayang makapagpapasya. Sa kaso ng makabagong jeepney - walang gitna. Walang pagpapasyang tumanaw o kumilala ng ibang kapwa sapagkat ang direksyon ay iisa lamang – patungo sa una. Dahil dito, walang pagkakataon ang isang pasahero na maki-ugnay sa kapwa pasahero. Ugnayang dapat sana ay sa tao lamang (aking babalikan ang puntong ito).

Maging si Gabriel Marcel ay tumutukoy sa pagiging "bukas sa kapwa" ("disponibilité) ng isang indibidwal na nangangailangan. Maliwanag ito sa mga pagpapahalagang Pinoy tulad ng utang-na-loob, pagkamatulungin, at mapagbigay na nabanggit sa unang bahagi. Bagama't barya lamang ang ating pinagninilayan sa jeepney, ito ay sumasalamin sa kongkretong karanasan na tinatawag ni Marcel na "creative fidelity" o ang dinamikong pagpili ng isang tao upang siya ay huwag mapasailalim sa dikta ng isang bagay lamang. (Marcel, 1970: 10) Bagkus, dapat na itrato ang tao, maliit man o may-kaya, ng may paggalang, sapagkat sila ay buhay. Tulad ni Buber, si Marcel ay alangan din sa maling pagpapaimbabaw ng pagpapahalagang dapat sana ay sa tao lamang at hindi sa mga bagay.

Binanggit ni Hornedo na ang kulturang nakapaloob sa jeepney ay buhay. Ito ang naglalagay sa tradisyonal na jeepney bilang bahagi ng identidad ng isang Pilipino. Sa loob ng lumang disenyo ng jeepney, ang bawat isa ay kumikilala sa karapatan at dignidad ng kapwa pasahero o nagmamaneho. Sa disenyo ng modernong jeepney, tanging kapitalista na namuhunan ng teknolohiya ang mananamasa at kumikita ng limpak. Sila na mga tao sa likod ang nagdidikta ng ikinikilos ng mga drayber at pasahero.

Ating balikan ang naudlot na talakayan kay Buber. Kaakibat na teknolohiyang ng makabagong jeepney ay ang pagkakaroon ng GPS *Global Positioning System* (G.P.S.) at *Closed Circuit Television* (C.C.T.V.) na kung saan tila may mga matang walang-kurap na nagmamatyag sa bawat kilos ng mga tao sa loob nito. Ang karanasang "pagtitig" sa isang tao, ayon kay Jean-Paul Sartre, ay nagbubunsod sa isang subheto na umaktong, "hindi siya" (*alienation*). (Sartre, 1993: 47-51, 252-302) Halimbawa, iba ang iyong magiging pagkilos kung alam mo na sa iyo ay may nag mamatyag. Iba rin ang iyong pagkilos kung alam mo na ikaw ay nag-iisa. Sa unang kondisyon ay limitado ang pagkilos at gawi, samantalang sa pangalawa ay malaya at walang pangamba. Pag-isipan natin: matitiim mo ba na may beinte-kwatro oras na nagmamasid sa iyo sa sariling pamamahay? Tila mas malaya ang diwa kung alam mo na walang obhetibong nag-uuri sa iyo. Ang kabaligtaran nito, ayon kay Sartre, ay ang pagiging 'di-wagas ng isang ikaw. Ikaw na isang wagas na subheto. Ito ay mayroong personal na hatid sa iyong malayang saloobin, pagkilos at pag iisip. Ang malalang bunga



| ISSN: 2094-0556 | ursprj@gmail.com

nito ay kadustaan ng sarili bunsod ng pagkawala ng kalayaang kinikitil ng "pagtitig" ng iba.

Sa kaso ng modernong jeepney, ito ay ang C.C.T.V. Dito ang isang tao, na may subhetong kalikasan ay napasailalim sa isang obhetibong 'di man lamang niya tukoy kung sino o ano ang nasa likuran ng mga lente. Sa ilang mga bansa, *Artificial Intelligence* (A.I.) ang nagpapatakbo ng mga ito. At habang sila ay nakakubli, ikaw ay maaaring masilayan sa lahat ng dako ng mundo kung nanaisin ng may kontrol nito. Para kay Buber at Sartre, ang wagas na ugnayan sa pagitan ng kapwa subheto ay dapat sa tao lamang at hindi maaari sa bagay na walang buhay.

Nilinaw ng Alemang palaisip na si Martin Heidegger sa kanyang "The Question Concerning Technology", na ang teknolohiya ay tulay upang makamit ang layunin ng tao. (Heidegger, 1977: 4, 287) Siya ay nagbabala sa posibilidad na ang teknolohiya ay ang siyang humuhubog sa ating pagkatao, magdidikta kung saan tayo tutungo, at ano ang nararapat tupdin upang mabuhay ang isang tao. Ang modernisasyon ng jeepney, ay sa aking palagay, ang siyang pinupunto ni Heidegger patungkol sa teknolohiya halos kalahating siglo na ang nakakaraan. Ito ay ang pagpapalit sa tradisyonal na disenyo ng jeepney upang makasabay sa makabagong tuklas ng maunlad na mga bansa sa ngalan ng pandaigdigang pananaw sa enerhiya at teknolohiya.

**Pangwakas**

Panghuli at marahil ay pinakamalubhang krisis sa punto de vista ng eksistensyalismo, ay ang walang patumanggang paghahanap ng madaliang solusyon. Mga pamamaraang nauuso lamang at idinidikta ng nakakariwasa--mga bansang malalakas at higit na maimpluwensya kaysa sa atin. Ito ang sigaw ni Soren Kierkegaard, ang tinaguriang "Ama ng Eksistensyalismo", sa mga kababayang niyang umaayon na lamang sa paniniwala ng walang pasubali sapagkat ito ang ipinatutupad ng sistema. (Kierkegaard, 1968: 168) Hindi masama ang mga pagbabagong kinakaharap ng mga mamang tsuper sa ating bansa, at totoo din naman ang realidad ng mga marumi at lumang mga jeepney, ngunit malinaw na sa modernisasyong ito ang pagbura sa napaka-halagang kasaysayan ng jeepney sa ating bansa.

Sa usapin ng kultura, ito ay ang identidad na nanganganib lumubog at mawasak ng dambuhalang alon ng modernisasyon. Hindi hinahangad ng papel na ito na supilin ang kahalagahan ng malinis na kalikasan at ligtas na paglalakbay. Hiling lamang ng paglalahad na ito na huwag sana tuluyang maglaho ang mga natatanging disenyo ng mga naunang jeepney na nagbibigay dangal at indibidwalisasyon sa mga taong konektado dito: ang driver, ang operator, ang barker, ang konduktor at tayo na minsan ng nakasakay dito.

Sa adbiyento ng makabagong jeepney, nawa'y 'di mawala nang tuluyan sa kamalayan ng mga nagmamaneho nito ang kanilang naging ambag sa pag-unlad ng bawat Pilipinong manlalakbay. Higit sa lahat, dapat maging mapagmatyag ang bawat isa upang masawata ang materyosong solusyon na iilan lamang ang makikinabang; habang ang indibidwal na tsuper, sampu ng kanyang pamilya, ay bumabaon sa kumunoy ng pagkakautang. Utang na kahit na sa kanyang pagtanda ay hindi mawawala.

Sa mga nalalabing panahon na sila ay nariyan, ating unawain, na sa loob ng jeepney ay mayroong mga mumunting detalye na may makabuluhan din. Ito ay magaganap kung atin lamang mataimtim silang susuriin. Kaya't sa susunod na ating pagsakay ng jeepney, nawa'y ating totohanin ang mga salitang binibigkas natin:

"*Mamang driver para po!*"

"*Sa tabi lamang po*."

"*Salamat po*."

**Talasanggunian**


Anakbayan.org (2021) Makikita sa: http://anakbayan.org/ Binuksan: Mayo 5, 2021.

Balanay, Jo Anne G. at Claudiu T. Lungu. (2009), "Exposure of Jeepney Drivers in Manila, Philippines, to Selected Volatile Organic Compounds (VOCs)", *Industrial Health*, vol. 47, 33–42.

Buber, Martin. *I and Thou* (1937) trans. Ronald Gregor Smith. Edinburgh: T. & T. Clark.

Estipular, Jhoane L. "Looking into the Implementation of Public Utility Vehicle Modernization Program" *Congressional Policy and Budget Research Department (CPBRD, House of Representatives* Makikita sa: https://cpbrd.congress.gov.

ph/images/PDF%20Attachments/CPBRD%20Policy%20Brief/PB2020-02_PUV.pdf Binuksan: May 7, 2021.

Güss, C. Dominik at Ma. Teresa G. Tuason. (2008) "Jeepneys: Values in the Streets", Culture & Psychology, vol. 14, no.2, 211–236.

Heidegger, Martin. (1977) "The Question Concerning Technology", *Basic Writings* Ed. David Farrell Krell, Harper & Row.

Hornedo, Florentino H. (2002) "Philosophy in Culture, Culture is Philosophy" sa *Pagpapakatao and Other Essays in Contemporary Philosophy and Literature of Ideas*, Manila: University oof Santo Tomas Publishing House.

Kierkegaard, Søren. (1968) *Attack Upon Christendom*. trans., Walter Lowrie New Jersey: Princeton University Press.

Land Transportation Franchising and Regulatory Board (2017-2018) "PUV Modernization", *LTFRB* Makikita sa: https://ltfrb.gov.ph/puv-modernization-2/ Binuksan: Mayo 7, 2021.

Marcel, Gabriel. *Creative Fidelity*. (1970) *New York*: Noonday Press.

Mefiez, Herminia Q. (1988) "Jeeprox: The Art and Language of Manila's Jeepney Drivers", *Western Folklore*, vol. 47, no. 1, 38-47

Mercado, Leonardo N. (1994) SVD. *The Filipino Mind: Philippine Philosophical Studies II* Washington, DC: The Council for Research in Values and Philosophy.

Mercado, Leonardo N.. (1975) *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban: Divine Word University Publications.

Pulido, Maki "Reporter's Notebook: Pamilya ng isang driver, naninirahan sa loob ng jeep ngayong pandemya" *GMA News Online* (Oktubre 23, 2020) Makikita sa: https://www.gmanetwork.com/news/video/reportersnotebook/543707/reporters-notebook-pamilya-ng-isang-driver-naninirahan-sa-loob-ng-jeep-ngayong-pandemya/video/ Binuksan: Mayo 5, 2021.

Sartre, Jean-Paul. (1993) *Being and Nothingness* New York: Washington Square Press